## Paano Pumili ng Laki ng Data Pack

| Gawain | 3GB | 10GB | 15GB | 20GB+ |
|---|---|---|---|---|
| Email | ✓ (Akma) | ✓ (Akma) | ✓ (Akma) | ✓ (Akma) |
| Web surfing | ✓ (Akma) | ✓ (Akma) | ✓ (Akma) | ✓ (Akma) |
| Facebook | ✓ (Akma) | ✓ (Akma) | ✓ (Akma) | ✓ (Akma) |
| Skype | ✓ (Akma) | ✓ (Akma) | ✓ (Akma) | ✓ (Akma) |
| Music streaming | ✓ (Mag-ingat) | ✓ (Akma) | ✓ (Akma) | ✓ (Akma) |
| Online gaming | ✓ (Mag-ingat) | ✓ (Akma) | ✓ (Akma) | ✓ (Akma) |
| Youtube | ✓ (Kailangan ng higit pang data) | ✓ (Mag-ingat) | ✓ (Akma) | ✓ (Akma) |
| Streaming TV | ✓ (Kailangan ng higit pang data) | ✓ (Kailangan ng higit pang data) | ✓ (Mag-ingat) | ✓ (Akma) |
| Pag-download ng mga pelikula at TV | ✓ (Kailangan ng higit pang data) | ✓ (Kailangan ng higit pang data) | ✓ (Mag-ingat) | ✓ (Akma) |
| Pag-download ng video games | ✓ (Kailangan ng higit pang data) | ✓ (Kailangan ng higit pang data) | ✓ (Mag-ingat) | ✓ (Akma) |

✓ (teal) = Akma

✓ (dilaw) = Mag-ingat

✓ (pula) = Kailangan ng higit pang data

accan

**Ang iyong tinig sa mga serbisyo sa telepono at internet.**

### Kontakin Kami

**Website:** accan.org.au

**Twitter:** @ACCAN_AU

**Facebook:** facebook.com/accanau

**E-mail:** info@accan.org.au

**Telepono:** 02 9288 4000

Para sa karagdang impormasyon at mga mungkahi, pumunta sa: **accan.org.au/tips**





Ang Iyong Mobile

# Pagpili ng Mobile Plan



Tagalog

accan



## Prepaid o Postpaid?

May malaking hanay ng mga planong pre-paid at post-paid na makukuha sa merkado. Ang pangunahing benepisyo ng paggamit ng post-paid ay makakabili ka ng bagong telepono sa mga planong ganito, habang ang mga planong prepaid ay maaaring mas mabuti kung nais mong iwasan ang hindi inaasahang mga karagdagang singil at mayroon ka nang mobile phone.

Sa karamihan ng mga kaso, mas madali ang bumili ng bagong telepono o iba pang device kaagad at pagkatapos ay isama ang iyong sariling (BYO) telepono sa plano. Isaalang-alang ang makakaya mong bayaran at kung ano ang kailangan mo mula sa iyong mobile plan.

| | Prepaid | Postpaid | Pagkakaiba |
|---|---|---|---|
| **Pag-sign up** | Maaaring bumili ng SIM at load mula sa iba't ibang mga shop at maging sa online mula sa mga telco.<br>Bumili ng SIM card na may check ng pagkakakilanlan (gaya ng lisensiya sa pagmamaneho). Walang kailangang credit check. | Maaaring bumili ng SIM card at plano mula sa mga telco.<br>Ang pagbili ay nangangailan-gan ng check ng pagkakakilanlan at credit check. | Postpaid – makukuha lang mula sa mga telco.<br>Prepaid – malawakang makukuha mula sa iba't ibang mga tindahan.<br>Postpaid – nangangailangan ng credit check. |
| **Umiiral na mga Kabayaran** | Ang load sa telepono ay mabibili sa online, sa pamamagitan ng mga app at iba't ibang mga tindahan.<br>Ang serbisyo ng telepono ay gagana lamang kung may load sa account, ngunit makakatanggap ka ng mga pumapasok na tawag matapos maubusan ng load. | Buwanang billing na may iba't ibang mga pagpipiliang kabayaran.<br>Maaari kang singilin ng karagdagang bayad (halimbawa para sa sumobrang data) at maging ng iyong buwanang bayad. | Prepaid – maaari lang gumamit ng serbisyo sa telepono kung may load ang telepono.<br>Postpaid – patuloy na gagana at sisingilin ka sa paggamit pagkatapos.<br>Prepaid – walang risk ng hindi inaasahang mataas na mga bill ng telepono. |

## Paano Humanap ng Tamang Plano

Ang mga comparator na website gaya ng **WhistleOut** at **Finder** ay magagamit na tool para madaling makumpara ang mga mobile plan.

Hanapin ang **Critical Information Summary (CIS)** para sa bawat plano at gamitin ito upang paghambingin ang mga plano mula sa hanay ng mga telco.

Ang **CIS** ay naglalaman ng impormasyon tungkol sa plano gaya ng presyo, mga isasama, tagal ng kontrata at anumang mga karagdagang singilin kung kakanselahin mo nang maaga ang iyong plano.

Tiyakin na sakop ng telco ang mga lugar kung saan lagi mong ginagamit ang iyong telepono (hal. tahanan, trabaho, iskuwela). Maaari mong tingnan ang mga mapa ng sakop sa mga website ng telco o ibigay ang impormasyon ng lugar sa tindero ng tindahan o sa pamamagitan ng telepono para matingnan nila ang sakop para sa iyo.

